ICIBILLET

## Paroles de chanson

03/05/2026

# Dilaw

Par Maki

*Album : Dilaw - Single*

Ikaw, ikaw, ikaw, ikaw

Alam mo bang muntikan na sumuko ang puso ko

Sa paulit-ulit na pagkakataon na nasaktan, nabigo?

Mukhang delikado na naman ako

Oh, bakit ba kinikilig na naman ako?

Pero ngayon ay parang kakaiba

'Pag nakatingin sa 'yong mata, ang mundo ay kalma

**Ngayong nandiyan ka na, 'di magmamadali**

**Ikaw lang ang katabi, hanggang sa ang buhok ay pumuti**

**'Di na maghahanap ng kung ano'ng sagot sa mga tanong**

**Dahil ikaw ang katiyakan ko**

**Hinding-hindi na ako bibitaw**

ICIBILLET.COM

**Ngayong ikaw na ang kasayaw**

**Kung mayro'n mang kulay ang aking nagsisilbing tanglaw**

**Ikaw, ikaw ay dilaw**

'Di akalaing mararamdaman ko muli ang yakap ng panahon

Habang kumakalabit ang init at sinag ng araw (sa lilim ng ulap)

Mukhang 'di naman delikado

Kasi parang ngumingiti na naman ako (ngumingiti na naman ako)

Kaya ngayon, 'di na 'ko mangangamba

Kahit ano'ng sabihin nila (oh)

**Ngayong nandiyan ka na, 'di magmamadali**

Ikaw lang ang katabi, hanggang sa ang buhok ay pumuti (oh)

**'Di na maghahanap ng kung ano'ng sagot sa mga tanong**

**Dahil ikaw ang katiyakan ko**

**Hinding-hindi na ako bibitaw**

**Ngayong ikaw na ang kasayaw**

**Kung mayro'n mang kulay ang aking nagsisilbing tanglaw**

Imprimé depuis ICIBILLET.COM - 03/05/2026 02:27

> **Ikaw, ikaw ay dilaw**

(Ikaw, ikaw, ikaw)

> **Ngayong nandiyan ka na, 'di magmamadali**

> **Ikaw lang ang katabi, hanggang sa ang buhok ay pumuti**

> **'Di na maghahanap ng kung ano'ng sagot sa mga tanong**

> **Dahil ikaw ang katiyakan ko**

> **Ngayong nandiyan ka na, 'di magmamadali**

Ikaw lang ang katabi, hanggang sa ang buhok ay pumuti (hanggang sa ang buhok ay pumuti)

> **'Di na maghahanap ng kung ano'ng sagot sa mga tanong**

Dahil ikaw ang katiyakan ko (ikaw, ikaw, ikaw)

> **Hinding-hindi na ako bibitaw**

Ngayong ikaw na ang kasayaw (ngayong ikaw na ang kasayaw)

> **Kung mayro'n mang kulay ang aking nagsisilbing tanglaw**

Ikaw, ikaw ay dilaw (ah)

ICIBILLET.COM